# Paraan ng pagpasok sa paaralan

1　Paraan ng paglipat ng paaralan

Kung gustong ilipat ang bata sa Elementary o High School sa Japan, ay pumunta sa School Affairs Division ng Board of Education sa munisipyo kasama ang bata at ang taong nakakapagsalita ng wikang hapon upang malaman ang pamamaraan ng papasukan na paaralan。

Matapos ito, ang magulang kasama ang bata ay kailangan pumunta sa papasukang paaralan sa itinakdang petsa, upang makausap ang principal at ang magiging guro ng bata tungkol sa mga kakailanganing gamit at mga patakaran sa paaralan.

２ Paraan ng pagpasok sa simula ng pasukan

Kung gustong ipasok ang bata sa Elementary o High School mula sa simula ng pasukan (Abril), ay may matatanggap na notice mula sa Board of Education sa nakaraang taon ng Setyembre, kaya dalhin ang notice na ito sa School Affairs Division ng Board of Education upang alamin ang mga pamamaraan.

＜Schedule hanggang sa school entrance ceremony (Nyugaku-shiki)＞

| Buwan | Elementary | High School |
|---|---|---|
| Nobyembre | Medical Checkup<br>Papadalhan ng notice | |
| Kalagitnaan ng Disyembre | Matatanggap ang notice sa pagpasok<br>Pag-ingatan at itabi ito hanggang sa entrance ceremony | |
| Enero~ Pebrero | Pagpunta sa Pagpapaliwanag na Pagtitipon para sa Pagpasok<br>Ituturo dito ang paghahanda o pamamaraan sa pagpasok | |
| Abril | School Entrance Ceremony<br>Dalhin ang notice sa pagpasok at pumunta sa paaralan kasama ang bata | |

＊ Para sa mga dayuhang walang resident registration, na gustong ipasok ang anak sa Elementary o High School ay makipag-ugnayan sa School Affairs Division.


Para sa Impormasyon:

Sagamihara City Board of Education

School Affairs Division (Personnel)

TEL: ０４２（７６９）８２８２